# RYAN CEZAR O. ALCARDE

Si Ryan Cezar O. Alcarde ay naging fellow ng Ikalawang Palihang Multi-Genre ng PUP, Ika-19 Iyas La Salle National Writer's Workshop, at Ika-12 Palihang Rogelio Sicat. Kasalukuyan siyang nag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman.

# GAGAMBA

Nang ilagay mo sa palad ang naaagnas niyang katawan,
namusyaw na ang pulang batik sa kanyang likod, pudpod
ang dating talim ng walong galamay. Hinanap mo
ang bakas ng makailang-ulit na pagtulay sa mga tingting
at ang pagkit na minsang nilabanan ang pwersa ng grabedad.

Ngunit wala na ang ningas na kanyang pinahiram
nang mga hapong tinakasan mo ang pag-idlip. Kasabay
nawala ng mga kalarong inggit na inggit sa iyong sundalo.
Sino nang ihaharap sa entablado ng mga kanto't pasilyo?
Sinong ilalaban sa gilid ng simbahan ngayong linggo?

Susuyurin mong muli ang lawak ng mga bakuran.
Aakyatin ang mga puno ng mangga at hahanapin sa dulo
ng mga sanga ang pinakamatibay na hibla ng pilak.
Nakasabit doon ang medalya ng nagbalik mong dangal.
Nakahabi doon ang kwento ng nagbalik mong dangal.

At sa pagkaakit sa panibagong mga sapot, di magigising
ang isipang siya sanang magtatanong kung saan
humahantong ang mga bagay na nakawala sa iyong kamay.
Malilimutan mo ang pag-ihip sa lumang kahon ng posporo.
At ang labí na itinabi sa kumpol ng mga sinindihang palito.